Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-17 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-24 NG OKTUBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez ------------ Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Christopher Aron C. Del Rosario |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Rchie E. San Jose |
| | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 52 - 2022

**"KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGBIBIGAY PAGSANG-AYON NA MAKIPAG-USAP AT LUMAGDA ANG PUNONG BAYAN, IGG. VERGEL C. MENESES SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN AT NI MA. RIZALINA T. BERNARDO HINGGIL SA PAGBILI NG LUPAIN NA PAGTATAYUAN NG CENTRAL MATERIAL RECOVERY FACILITY (CMRF) NA MATATAGPUAN SA BARANGAY MATUNGAO, BULAKAN, BULACAN"**

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges, Accreditation and Accountability, Legal Matters
Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindyrelle D, Carpio, Igg. Marbin J. Garcia
Lupon ng Environmental Protection and Management, Natural Resources and Ecology, Pollution Control and Mitigation
Tagapangulo: Igg. Rchie E. San Jose Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Igg.Christopher Aron C. Del Rosario, Igg. Aron Ronald R. Cruz

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 22 (c) at 444 (b) ng batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (R.A. 7160) ay binigyang kapangyarihan ang Sangguniang Bayan magbigay ng pahintulot sa anumang kontratang papasukin ng Punong Tagapagpaganap. Gayundin ay makatuwang ang Sangguniang Bayan sa mga iminumungkahing patakaran at proyekto, matalakay ng Sangguniang Bayan kung ito ay kinakailangan ng pangkalahatang kapakanan ng mga mamamayan at ng pangangailangan ng pamahalaang bayan;

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksyon 16 at 17 ng batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991 (R.A. 7160) ay binigyang kapangyarihan ang pamahalaang bayan para sa kapakanang panlahat para sa mabisang pamamahala, maitaguyod ang kaginhawahan at kasiyahan ng kanilang mamamayan. Makapagpagawa sa mga imprastraktura ng pangunahing nakalaan sa paglilingkod upang matugunan ang pangangailangan sa mga naninirahan sa bayan;

**SAPAGKAT,** ang magkasanib na Lupon ng Alituntunin, Batas at Etika at Lupon ng Pangangalaga sa Kalikasan "Acting in good faith and with due diligence" ay nagsagawa ng pagsusuri, pag-aaral at pagtatanong, hinggil sa pagbili ng lupain ng Pamahalaang Bayan ng Bulakan na may sukat na higit kumulang 3000 metro kuwadrado na siyang pagtatayuan ng Central Material Recovery Facility (CMRF) na matatagpuan sa Barangay Matungao, Bulakan Bulacan at makikilala sa pamamagitan ng mga sumusunod:

| TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. | OWNER | SIZE | LOCATION |
|---|---|---|---|
| 039-2012007901 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 353 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2012007900 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006139 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 236 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006138 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006137 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006136 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006135 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2011006134 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |
| 039-2015010975 | Ma. Rizalina T. Bernardo | 240 sq.m. | Matungao, Bulakan, Bulacan |

**SAPAGKAT,** ang magkasanib na lupon ay napagpasyahan na siguraduhin at suriing mabuti ng kinatawan mula sa Tanggapan ng Punong Bayan ang mga dokumentong kakailanganin upang ang mga nasabing lupain na pagmamayari ni Ma. Rizalina T. Bernardo ay maayos na mailipat sa pangalan ng Pamahalaang Bayan;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya na ang Kapasiyahang Bayan Na Nagbibigay Pagsang-Ayon Na Makipag-Usap At Lumagda Ang Punong Bayan, Igg. Vergel C. Meneses Sa Pagitan Ng Pamahalaang Bayan Ng Bulakan At Ni Ma. Rizalina T. Bernardo Hinggil Sa Pagbili Ng Lupain Na Pagtatayuan Ng Central Material Recovery Facility (CMRF) Na Matatagpuan Sa Barangay Matungao, Bulakan, Bulacan"

**SA MUNGKAHI** ni Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag